1

"Uy, Natalya! Nabalitaan mo na ba?"

Umangat ang ulo ni Natalya Navarro mula sa hand-drawn layout na pinag-aaralan. Isa siyang graphic designer sa *Virtual Ads*, isang advertising company na kailan lang ay nabili ng *LaCroix International Holdings*, isang multinational holdings company na pag-aari ni Stefan LaCroix.

"Ano'ng balita ba?" balik-tanong niya sa kaibigan at assistant na si Monica. Although may hula na siya kung ano ang sasabihin nito, nagkunwari siyang walang alam. Ilang araw na niyang naririnig ang bulung-bulungan.

"Narito daw si Sir Stefan. Usap-usapan pa na baka daw siya muna ang mamahala dito habang wala pang napipiling kapalit ni Mr. Sarmiento."

Isang buwan pa lamang ang nakakaraan mula nang mamatay ang dati nilang presidente. Hanggang ngayon ay wala pa ring napipiling kapalit nito.

"Ganoon ba?" matabang niyang sabi.

Umingos si Monica. "Hindi ka man lang ba excited?"

Kunot-noong tinitigan niya ito. "Bakit ako mae-excite? So the big boss is here. Ano'ng dapat ika-excite doon?"

"Natalya, hindi ka ba nagbabasa ng mga lifestyle magazines o kaya sa lifestyle section ng diyaryo? Si Stefan LaCroix ang nag-iisang anak ng multibillionaire na si Ambrose LaCroix. He's a self-made millionaire himself, only thirty-three years old, and a confirmed bachelor."

"So?" aniyang kunot pa rin ang noo.

"He's a super hunk!" kinikilig na dugtong nito.

Sandali siyang nag-isip. Open book sa kanila ang yaman ng pamilya LaCroix. Hindi na niya kailangang magbasa ng mga magazines para malaman iyon. Pero hanggang doon lang ang alam niya. She had never seen someone from the family. Kahit sa pictures lang. Although alam nilang lahat na ang matriarch ng pamilya LaCroix ay isang Filipina.

"So?"

Inis na dinabugan siya ng kaibigan.

"Alam mo, nakakainis ka na talaga. Halos lahat ng babae dito, siya ang pinag-uusapan. Samantalang ikaw ay dedma lang. Parang gusto ko nang maniwala na manhid ka."

Natawa siya. "Eh, ano ba ang mapapala ko kung makiki-excite ako sa inyo? Ano ba kung mayaman siya, binata at guwapo? Monica, hindi natin siya ka-level. For sure sa dami ng mga babae niya, kahit rumampa tayo nang nakahubad sa harapan ng lalaking iyon, hindi niya tayo papansinin. So bakit ko siya pag-aaksayahan

ng panahong pagpantasyahan? And besides, alam mong may boyfriend na ako."

"Yeah, right!" palatak nito na lalong sumimangot nang banggitin niya ang salitang 'boyfriend'. Very vocal si Monica sa disgusto nito sa boyfriend niyang si Dirk, isang finance manager sa isang real estate company. Masyado raw mayabang ang lalaki. Lumabi ito at inirapan siya. "Hmph! Kahit kailan talaga, panira ka ng trip!"

Muli siyang tumawa. May basis kasi kung bakit nagrereklamo ang kanyang kaibigan. Sa buong department nila ay siya ang pinakaseryoso at bihirang makihalubilo. Nababansagan na nga siyang snob.

Hindi naman suplada si Natalya. Wala lang talaga siyang panahong makipagtsismisan sa oras ng trabaho. Katuwiran niya kasi ay binabayaran siya nang tama. At isa pa, sa tambak na projects na ibinibigay sa kanya, wala na siyang panahon pang makipagkuwentuhan sa mga kaopisina.

"Makaalis na nga. Wala rin naman pala akong mapapala dito." Monica made face before leaving her.

"Mabuti pa nga. Bumalik ka na sa trabaho mo. Paki-follow up mo nga pala d'un sa publisher 'yung concerns ko sa cover stocks."

"Yes, Boss," matabang na sagot nito at tuluyang umalis.

Naiiling na sinundan na lang niya ng tingin ang kaibigan

at pagkatapos ay ibinalik ang atensyon sa tambak na layouts sa kanyang harapan. Sanay na siya sa pagiging prangka nito. At hindi naman siya nao-offend.

She was busy jotting notes on one layout when her phone rang. It was Dirk.

"Hello, Honey. Napatawag ako dahil hindi ako makakasabay sa iyo pag-uwi. Nagpatawag ng emergency meeting para sa lahat ng managers, dine-out. Baka gabihin na ako."

"Okay lang. Basta mag-iingat ka, ha?"

Hindi na rin sila nag-usap nang matagal. Ibinaba na rin ni Dirk ang phone matapos magpaalam sa kanya.

Huminga siya nang malalim habang nakatitig sa telepono. Hindi niya maintindihan kung ano ang nararamdaman. Lately ay bihira na silang magkasama ng nobyo. Buhat nang ma-promote ito ay nabawasan na ang libreng oras nito para sa kanilang dalawa.

Nagkibit-balikat siya.

Para rin naman sa future nila ang pagsisikap ni Dirk. Iyon ang madalas nitong ikatuwiran kapag nagtatampo siya. At iyon ang gusto niyang paniwalaan.

Nakalimutan na rin niya ang alalahanin dahil naging abala na siya for the rest of the day. After lunch ay nakipag-meeting siya sa isa sa mga bagong kliyente nila tungkol sa premise ng gagawin niyang product catalog. Pagkatapos niyon ay pinuntahan

din niya ang isa sa mga printers nila para inspeksyunin ang gagamiting papel para sa information flyers na ipinagawa ng isa pang kliyente nila.

Stefan leaned back on his swivel chair. Maghapon na siyang nakatitig sa computer at kahit sanay siya sa trabaho, may mga pagkakataong naiisip niyang mag-lay low muna. Nakakapagod na rin kasi.

Ipinikit niya ang mga mata at minasahe ang batok. His desk clock told him it was already past nine in the evening. Time for him to call it a day.

Tumayo siya, kinuha ang cellphone at car keys sa drawer ng mahogany table saka lumabas ng opisina. Papunta na siya sa elevator nang mamataan niya ang isang cleaning cart na iniwan na lamang basta sa gilid ng pasilyo. Nagsalubong ang mga kilay niya.

Istrikto siyang boss. Organized siya sa lahat ng bagay and he expected the same from his subordinates. Naiiling na binitbit niya ang mop at hinila ang cleaning cart sa sulok kung saan hindi ito makakadisgrasya. Ngayon pa lang ay pinag-iisipan na niya kung magpapalit siya ng cleaning crew.

“Excuse me, Kuya, p’wede bang magpatulong?”

Salubong ang mga kilay na nilingon ni Stefan ang babaeng

nagsalita. He was about to correct her, pero nabitin sa lalamunan ang sasabihin niya nang mapagmasdan ito.

Bitbit nito payakap ang isang leather bag. Bahagya itong humihingal at mukhang haggard na ang hitsura. Kumawala na sa pagkakapusod ang mahabang buhok nito. She absent-mindedly blew a few strands away from her face. Napako sa mga labi nito ang pansin niya.

Even in her exhausted state, he could tell that she was beautiful. Pero hindi lamang iyon ang nakapagpatigagal sa kanya.

The woman looked like Candice. Almost.

She had the same heart-shaped face, perfectly trimmed brows, small, upturned nose, high cheekbones and a heart-shaped mouth with sensual lips. She was more of the voluptuous type, with enticing curves and mounds. While Candice was slim and tall. Ang isa pang kaibahan ay ang mga mata nito, they were almond-shaped and very dark, with the slightest naughty glint in them. He'd be willing to bet that behind her innocent façade lies a very sensual and fiery woman.

"Kuya, pakitulungan naman akong palitan itong LCD projector sa conference room," ulit nito. Obviously, wala itong idea kung sino siya. At hindi naman niya ito masisisi. Dressed in faded jeans, rubber shoes and plain, gray t-shirt, sino ang mag-aakala na siya ang may-ari ng kompanya at hindi isang utility man?

Dapat ay itinama na niya ang maling akala nito. But

something about her made him change his mind. Nagpasya siyang makisakay na lang muna sa babae.

"Saan mo ba dadalhin iyan?" tanong niya. Sandali itong natulala. At sandali rin siyang natigilan. Nahalata kaya nito ang accent niya?

Laki siya sa Paris pero dahil Filipina ang kanyang ina ay matatas siyang managalog. And except for his icy blue eyes and towering height, nakuha niya ang features ng ina kaya hindi siya mapagkakamalang foreigner.

"Dadalhin ko pa sa technical room. Sira kasi ito, eh. Kukuha ako ng pamalit."

Lumapit siya rito at kinuha ang bitbit nito. Nangangalay na iniunat nito ang dalawang braso.

"Sa technical room ito dadalhin?" muling tanong niya. Tumango lamang ito, sabay masahe sa batok nito. Hindi na nito pinansin pa ang accent niya. Hindi na rin nito pinagkaabalahang pag-aralan ang hitsura niya.

Mukhang pagod na pagod na ito. Hinaplos ng awa ang kanyang puso. He wanted to reach out and smooth the frown on her forehead.

"Saang department ka ba?" tanong niya sa kausap nang makapasok sila sa technical room.

"Sa Designs ako," tipid nitong sagot.

The spare LCD projector was on the top of a metal shelf. Humila ng stool ang dalaga at sasampa na sana para abutin iyon nang bigla niya itong pigilan sa braso.

"Hey, let me!"

Napasinghap nang di-sinasadya si Natalya. Nagulat siya sa ginawang paghawak ng lalaki sa kanya. Ngunit higit niyang ikinagulat ang animo kuryenteng dumaloy sa katawan niya dahil sa pagdampi ng palad nito sa kanyang balat. Parang biglang naglaho ang lahat ng pagod niya. At sa unang pagkakataon ay napagtuunan niya ng pansin ang hitsura nito.

His face was too close and she could look into his eyes clearly. Ngayon lang niya napansin na iba ang kulay niyon. Ngayon lang din niya napansin na hindi mukhang janitor itong kaharap niya.

He had strong facial features, chiseled jaw, straight nose, and deep set eyes. He also had sexy lips, pino ang upper lip nito while the lower lip was slightly fuller. May manipis itong bigote at manipis ding balbas.

"Ako na ang aakyat. Baka mahulog ka pa," he said in a tone used to giving orders. Nang sumampa ito sa stool at walang kahirap-hirap na abutin ang spare LCD projector ay hindi niya maiwasang hindi humanga sa nakitang pag-flex ng mga muscles nito.

Shucks! May ganito pala kami kaguwapo at ka-machong janitor. Bakit ngayon ko lang nalaman?

"B-bago ka lang dito, Kuya?" kinakabahang tanong niya.

Tumingin ito nang matagal sa kanyang mukha at pagkatapos ay ngumiti. She almost swooned. Lalo itong naging masarap sa paningin.

"Yup. Isang linggo pa lang," sagot nito. Even his voice sounded delicious to her ears. "Bakit nga pala narito ka pa? Ikaw na lang yata ang nasa opisina."

She gave out a tired moan. "May tinapos lang akong trabaho."

"Ang sipag mo naman," puri nito.

She giggled. Hindi niya alam kung bakit magaan ang loob niya sa estranghero. Hindi siya madaling magtiwala sa tao. But despite them being the only people in the room, wala siyang makapang takot o pangamba na sasaktan siya nito. On the contrary, she felt a comforting sense of security.

Tahimik nilang binalikan ang conference room. Ito na ang nag-set up ng projector at ito na rin ang nag-test. Nakahinga siya nang masigurong maayos na ang equipment.

"Pauwi ka na ba?" tanong ng lalaki sa kanya.

"Oo. Sa wakas, makakauwi na rin." Sinabayan niya ng tawa

ang sinabi. “Salamat nga pala, Kuya…”

Tumitig na naman ito sa kanyang mukha. “Nicholas ang pangalan ko. And please, huwag mo na akong tawaging ‘Kuya’. Mukha namang hindi nagkakalayo ang age natin.”

Muli ay ngumiti siya. “Sige, ikaw ang bahala. Ako naman si Natalya.”

Nicholas offered a hand and she took it. At sa ikalawang beses ay napapiksi siya sa muling pagdaloy ng kuryente sa kanyang katawan.

“Uhm… sige, mauuna na ako, ha?” paalam niya matapos silang magkamay.

Lumakad siya pabalik sa kanyang opisina at kinuha lang ang shoulder bag sa mesa niya. Tuluyan na niyang kinalas ang pagkakapusod ng buhok at sinuklay lang iyon ng mga daliri. Wala na siyang lakas na mag-retouch pa. Wala naman sigurong pupuna sa kanya sa ganitong oras ng gabi.

Paglabas niya ay nadatnan niyang hinihintay siya ni Nicholas.

His eyes froze on her, the way his stare lingered on her face made her shiver.

“Ihahatid na kita sa labasan. Delikado na sa iyong maghintay ng masasakyan nang nag-iisa.” Lalo siyang kinilig.

Hindi araw-araw na makakakilala siya ng ganito kaguwapo

at ka-thoughtful na tao. Ni si Dirk ay hindi niya kinakitaan ng genuine na pag-aalala na katulad ng ipinakita nito.

"O-okay lang ba? I mean… baka may magsumbong sa supervisor mo."

Ngumiti ito at nagkibit lang ng balikat. "Hindi naman ako mawawala nang matagal, ilang minuto lang. At saka walang magsusumbong."

Napangiti siya sa sinabi nito. Napailing na lamang siya nang sabayan siya nito hanggang sa labas ng building. Hindi siya iniwan ni Nicholas hangga't hindi siya nakakasakay ng taxi.

It was a tiring day for her. And yet hanggang sa makahiga siya sa kama ay hindi niya mapigilang mapangiti. It's not everyday that she gets to meet a handsome, sexy as sin, blue-eyed stranger.

You're one lucky girl, Natalya!